# Pagsusuring Moral sa mga Pilíng Tagpo sa Noli Me Tangere at El Filibusterismo

**Clarissa Mae E. Paranas**
Bacoor National High School - Molino Main

**Niña Jesusa G. Reyes**
Divine Light Academy - Bacoor

**Nixon Paul J. Sumaoang**
Claret School of Quezon City

**ABSTRAK**

Ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ay mga nobelang isinulat ni Dr. Jose P. Rizal na sumasalamin sa kalagayan ng mga Pilipino noong panahon ng mga Español. Ikinubli ni Rizal ang mga di-makatáong pagtrato ng mga Español sa mga itinuring na Indio sa pamamagitan ng mga pangyayari at mga karakter sa kaniyang dalawang akda. Mula sa Teorya ng Moral na Pag-unlad (*Theory of Moral Development*) ng isang Amerikanong Sikolohistang si Lawrence Kohlberg ay sinuri ng papel na ito ang 10 tagpo na nagpapakita ng katungkulang moral sa dalawang nobela gámit ang Antas at Yugto ng Moral na Pag-unlad ni Kohlberg (*Kohlberg's Levels and Stages of Moral Development*). Mula sa ginawang pagsusuri, napagtanto ng papel na ito na gumamit si Rizal ng estratehiya upang ipakita na ang aksiyong isinagawa ng ahente sa bawat tagpo ay taliwas sa kaniyang kabuoang moralidad, bagaman ang pamamaraang ito ay nagdulot sa mga mambabása ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo ng iba't ibang interpretasyon at pagkaunawa sa mga isinulat ng may-akda. Mapanghámon ang mga nobela ni Rizal na sumusubok sa tradisyonal na kaugalian at panuntunan ng Pilipinas maging sa pagkukunwari ng lipunang Pilipino. Malaki ang naging gampanin ng nabuong tema na sumisimbolo sa mga isyung panlipunang nais palutangin ni Rizal. Gayunpaman, dahil sa mataas na pangangatwirang moral na nakapaloob sa kaniyang mga gawa, nararapat na gamítin ito hindi lámang bílang materyal sa pag-aaral ng Filipino at sa mga kaugnay na larang, kundi pati rin sa pag-aaral ng kritisismo sa politika at lipunan, maging sa pag-aaral ng etika at moralidad, partikular na sa konteksto ng Pilipinas.

**Mga Susing Salita:** *Noli Me Tangere, El Filibusterismo, Pagsusuring Moral, Moral Development Theory, Kohlberg's Level and Stages of Moral Development*

## INTRODUKSIYON

*To educate a person in mind and not in morals is to educate a menace to society.*
*- Theodore Roosevelt*

Sa paaralan, hindi lámang nakatuon ang pansin sa pagpapatalino ng mga mag-aaral; nalilinang din ang kanilang karakter at pagkatao. Noong 2003, inilabas ang DepEd Order 41 na nagtatakda ng integrasyon ng *values education* sa mga aralín, anoman ang asignaturang itinuturo ng mga guro. Binanggit dito na upang matiyak na maituturo at mailalápat sa mga mag-aaral ang edukasyon sa pagpapahalaga, hinihingi ang pakikiisa ng lahat ng guro sa iba't ibang disiplina, di lámang ng mismong mga guro sa *Values Education*. Sa sekondaryang Filipino, ang nalilinang at hinuhubog sa mga estudyante ay ang kanilang "kakayahang komunikatibo, replektibo, mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng mga akdang rehiyonal, pambansa, Asyano, at pandaigdig túngo sa kultural na literasi" (*K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum 3*). Mapapansing may pagbibigay-diin sa mga akdang pampanitikan bílang pantulong sa paghubog sa isang Pilipinong mag-aaral.

Ang panitikan ay di lámang isang materyal panlibangan kundi isa rin sa pinakamaaasahang kagamitan sa pagtuturo ng pagpapahalaga at kagandahang asal, lalo na sa kabataan. Liban sa telebisyon at *social media*, isang mapagkukunan ng impluwensiya ng mga tao ay ang mga akdang pampanitikan. Ayon kay Genaro Gojo Cruz, may mahalagang gampanin ang mga akdang pampanitikan, kabílang na ang mga panitikang pambata, sa paghubog ng pagka-Pilipino (191). Panawagan pa niya ay gamítin ang panitikang pambata upang maitama ang mga pagkakamali at maipunla ang nasyonalismo.

Ang hindi maitatangging impluwensiya rin ng panitikan ang isa sa mga naging dahilan kung bakit naisabatas ang pag-aaral sa mga nobelang isinulat ni Rizal – Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Ang Batas Republika Blg. 1425, na ipinatupad ni Jose P. Laurel noong 1956, ay nagsasaad na lahat ng institusyong pang-edukasyon sa Pilipinas na humuhubog sa moral na karakter, disiplina, *civic conscience*, at tungkuling pangmamamayan ay isasáma sa kurikulum ang pag-aaral ng búhay at mga akda ni Rizal, partikular na ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Ayon kay Tugano, kasáma rin sa gustong mangyari ng batas ang pag-uugnay o aplikasyon ng mga nobela sa mga isyu ng kontemporaneong panahon. Kayâ naman, mabilis na nailalapít ang mga pangyayari sa akda sa realidad ng kasalukuyan (2).

Ang dalawang nobelang ito ang siyáng magiging teksto ng pag-aaral. Susuriin ang mga suliraning moral sa mga pilíng tagpo ng dalawang nobela gámit ang Teorya ng Moral na Pag-unlad (*Theory of Moral Development*) ng Amerikanong Sikolohistang si Lawrence Kohlberg. Espesipikong gagamitin sa pag-aanalisa ang Antas at Yugto ng Moral na Pag-unlad ni Kohlberg (*Kohlberg's Levels and Stages of Moral Development*) kung saan isinakategorya ang mga isyung may kinalaman sa moralidad at mga naging solusyon nito batay sa tatlong (3) antas na kinapapalooban ng dalawang (2) yugto bawat antas.

**1. Si Rizal at ang Kaniyang mga Obra**

Isa sa mga itinuturing na *Ama ng Nasyon* si Jose Rizal. Isiniwalat ni Rizal ang mga opresyong naranasan ng mga Pilipino. Nabaligtad niya ang planong iangat ang katayuan ng mga Indio túngo sa hispanisasyon ng bansa upang maging potensiyal na probinsya ito ng España. Sa halip na mapalapít ang mga Pilipino sa España, pinangunahan ni Rizal ang propaganda ng separasyon. Ang pagtulak sana túngo sa hispanisasyon ay siyáng nag-udyok sa mga Pilipino at nagbukás sa kanilang kamalayang makabansa (Constantino mula kay Chua, 126).

Ang mga isinulat ni Rizal, lalo na Noli Me Tangere at El Filibusterismo ay nagmulat sa mga Pilipino at nagpaalab sa kanilang gálit na siyáng naging mitsa ng rebolusyon. Ayon kay Tugano (2019), nagkaroon ang dalawang nobelang ito ng maraming bersiyon at mga salin. Naisalin ang mga ito sa iba't ibang wikang katutubo maging wikang banyaga na nagpapatunay na ang mga iniakda ni Rizal ay itinatangi sa iba't ibang bansa sa magkakaibang panahon. Sa katunayan, magpahanggang sa kasalukuyan ay kinikilalang isang mabisang protesta ang pagsulat lalo pa ngayong halos lahat ng mga mamamayan sa iba't ibang bansa ay nakapagbabása't nakapagsusulat. Naitanim ni Rizal, lalo sa Pilipinas, ang kultura ng pag-aakda bílang paraan ng protesta. Ito man ay sa anyo ng simpleng paglalathala ng saloobin sa *social media* o pagsulat ng mga akdang mapagpalaya at mapagmúlat.

Unang isinulat ni Rizal ang Noli Me Tangere noong 1887 sa Berlin na kung isasalin sa Filipino ay "*Huwag Akong Salingin Ninoman*". Mula sa artikulo ni David, ang pahayag na ito ay pinaniniwalaang hango sa ebanghelyo ni San Juan 20:17. Sinasabi sa ebanghelyong ito na:

> *"Sinabi sa kaniya ni Jesus,* ***Huwag mo akong hipuin****; sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa Ama, nguni't pumaroon ka sa aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, at aking Dios at inyong Dios."*

Buhat sa napakaraming salin ng mismong akda at ng Bibliya, umiikot ang pamagat sa kilos ng paghawak o paghipò. Ang paghipòng ito ay may kinalaman naman sa esensiyáng taglay ng Noli Me Tangere – kanser. Sa salin ni Pascual Poblete ng Noli Me Tangere na bahagi ng *The Project Gutenberg* noong 2006, sinasabing ang bawat dapúan ng kanser ay namamatay. "Wala itong lunas, kung ooperahan at di magagawang maalis lahat, at may matirang gagahanip man lang ay mananag-uli at lalong lumalakas ang paglaganap." Kayâ ni mga eksperto ay di ito káyang hawakan (handle). Kaugnay nito, may salin sa Ingles ang nobelang ito na pinamagatang *The Social Cancer.*

Umiinog ang kabuoan ng nobela sa isang binatang Pilipinong intelektuwal na kababalík lámang sa Pilipinas buhat sa pag-aaral niya sa Europa. Siya ay nakatakdang magpakasal sa kaniyang kababatang si Maria Clara. Nang bumalik siya sa Pilipinas ay nalaman niya ang tunay na dahilan ng pagkamatay ng kaniyang ama na pakana ni Padre Damaso. Pinagtuonan ng pansin ni Crisostomo Ibarra ang pagpapatayô ng eskuwelahan ngunit nang mainsulto siya sa mga pagpaparinig ni Padre Damaso ay halos mapatay niya ito. Nagdulot ng malaking eskandalo ang nangyari na siyáng dahilan ng pagtutol ng marami sa pagpapakasal nila ni Maria Clara. Lalo pang naging komplikado ang mga pangyayari nang malaman ni Maria Clara na ang tunay niyang ama ay si Padre Damaso. Pinagplanuhan ni Padre Damaso na sirain si Crisostomo Ibarra sa pamamagitan ng pagpapakalat na nagsimula ang binata ng isang rebolusyon. Nang huhulihin na si Crisostomo Ibarra ay tinulungan siya ni Elias. Siya ang sumalo ng bala para kay Ibarra upang makatakas ang hulí (Demeterio 4).

Karugtong ng Noli Me Tangere ang nobelang El Filibusterismo na naisulat ni Jose Rizal sa Ghent noong 1891. Sa salin ni Patricio Mariano ng El Filibusterismo na bahagi ng *The Project Gutenberg* na inilabas noong 2014, sinasabing ang pamagat ng sumunod na nobela ni Rizal ay mula naman sa salitang *filibustero* na tawag sa mga táong nag-uusig na mapahiwalay sa España ang mga lupaíng sinakop nito. Ang *filibusterismo* ay walang ibang kahulugan kundi ang adhikaing pag-usigin ang paghiwalay sa nakasasakop. Sa nobelang El Filibusterismo, si Ibarra pa rin ang pokus bagama't iba na ang anyo niya sa katauhan ni Simoun na isang mayamang alahero. Kasabay ng pagbabalík niya ay bitbit ni Ibarra ang gálit, poot, pagnanais na magsimula ng rebolusyon at kagustuhang mailigtas si Maria Clara. Makailang beses pinlano ni Crisostomo Ibarra na maghiganti sa lahat ng dapat niyang paghigantihan ngunit hindi niya ito nagawa hanggang sa lasunin na niya ang sarili sa bandang dulo at isiwalat ang totoong pagkatao niya (Demeterio 4).


Sa pag-aaral na *Mirroring and Reliving History through Rizal's Novels: An Intertextual Reading Using Casper's and Dilthey's Frame* ni Nuncio, ginamit ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo bílang lunsaran sa pagpapakita ng ugnayan ng kasaysayan at ng panitikan. Mula sa ginawang pag-aaral nina Casper at Dilthey, binigyang-linaw ang konsepto ng buháy na karanasan gámit ang alegorikal, historikal, at pilosopikal na aspekto na ipinakita sa panitikan, partikular na sa nobelang pangkasaysayan.

Sa pag-aaral ni Uratani na *Not Everyone Was Asleep: Anti-Colonial Personifications of Antiquity and Progress in José Rizal's Touch Me Not and El Filibusterismo*, ipinakita na mahalagang teksto ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo sa diskurso ng pagiging makabayan noong ika-19 na siglo dahil sa pagiging makabago ng mga politikal na layunin ni Rizal para sa Pilipinas. Ginamit niya ang *interdisciplinary inquiry* para sa pos-kolonyal at nasyonalistang komentaryo upang tukuyin ang kaniyang paninindigang kontra-kolonyal sa pamamagitan ng pagsusuri ng karakter at teksto (6).

Gumawa ang mga mananaliksik ng rebyu ng mga kaugnay na literatura upang makita kung mayroon nang pag-aaral sa Noli Me Tangere at El Filibusterismo na tumatalakay sa etikal at moral na aspekto nito ngunit walang nakita ang mga mananaliksik na publikasyon tungkol dito. Ang puwang na ito ang nais punan ng mga mananaliksik. Ang artikulo nina Demeterio at Palmes ang ginawang padron at inspirasyon ng mga mananaliksik na tumatalakay sa mga pelikula ni Lino Brocka na kadalasan ding sinusuri bílang mga politikal na teksto ngunit sa pagkakataong iyon, hinimay nila bílang mga tekstong may kinalaman sa etika at moralidad. Naisipan ng mga mananaliksik na suriin din ang mga nobela ni Rizal bílang tekstong may kinalaman sa etika at moralidad.

**2. *Theory of Moral Development***

Nagsimula si Lawrence Kohlberg sa larang ng debelopmental na sikolohiya bago sa edukasyong moral. Naging tanyag siya sa kaniyang teorya ng moral na pag-unlad na sumasandig sa idea ni John Dewey. Ang teorya ni Kohlberg ay di lámang nagrerepresenta sa unti-unting pagtaas ng kaalaman sa pagpapahalagang kultural túngo sa etika ngunit kumakatawan din ito sa pagbabago sa estruktura ng porma o estruktura ng idea ng tao (Kohlberg & Hersh 54). Nagkaroon si Piaget ng mas malawak na eskala na binubuo ng tatlong antas at anim na yugto, kabílang ang pagkabata (childhood) hanggang pagtanda (adulthood). Sa pag-aaral nina Palmes at Demeterio, nagkaroon sila ng sumusunod na representasyon sa teorya ni Kohlberg:




Sinasabi ni Kohlberg na sa *Pre-Conventional Level*, ang isang batà ay nakakikilala ng masamâ o mabuti batay sa natamo niyang kinahinatnan ng kaniyang mga ginawang aksiyon. Mayroon itong dalawang antas – *Level 1: Punishment and Obedience Orientation* kung saan ang pisikal na kinahinatnan ng aksiyon ng isang tao ang nagtatakda kung mabuti ba o masamâ ang kaniyang aksiyon at kung siya ba ay maparurusahan dito at ang *Level 2: Instrumental-Relativist Orientation* na nagsasabing ang tamang aksiyon ay ang aksiyon kung saan magbebenepisyo rin ng mabuti ang gumawa ng mabuti (Kohlberg & Hersh 4).

Sa *Conventional Level* naman, ipinakikita ng isang tao na ang kaniyang aksiyon ay naaayon sa nakasanayan o katanggap-tanggap buhat sa kaniyang pagnanais na makibagay sa kaniyang pamilya o lipunan upang makita nilang sinusuportahan at sinusunod ang mga ito. Nakapaloob dito ang antas 3 at antas 4. Sa *Level 3: Interpersonal Concordance Orientation*, ang mga ginagawa ng nasa paligid ng isang tao ang kaniyang pamantayan ng aksiyon. Nakikibagay siya lalo na kung ang mga nasa paligid niya ay ang mga táong malalapít sa kaniya. Samantala, sa *Level 4: Law and Order Orientation*, sa batas naaayon ang aksiyon o oryentasyong moral ng isang tao maliban na lámang kung ang mga batas at/o mga nakasanayang gawing ito ay humahadlang sa obligasyon ng tao (Kohlberg & Hersh 55; Palmes & Demeterio 109).

Panghulí ay ang *Post Conventional Level* na kinapapalooban ng *Level 5: Social Contract Legalistic Orientation* at ang *Level 6: Universal Ethical Principle Orientation*. Sinasabi sa nibel na ito na may malinaw na pagtatangka ang tao na isípin kung ano ang moral, labas sa impluwensiya ng mga táong nagtutulak sa nosyon ng tama o mali. Sa *Level 5: Social Contract Legalistic Orientation*, ang moral at mabuti sa isang tao ay nakabase sa moral at mabuting tinatanggap sa kaniyang komunidad at may pagrespeto rin sa itinuturing na mabuti ng ibang komunidad, ito man ay kaiba sa kanila. Ang tama naman sa *Level 6: Universal Ethical Principle Orientation* ay may kinalaman sa sariling konsensiya ng tao at sa pinili niyang tama. Ito ay hindi na ang mga itinakda ng iba na etikal na basehan tulad ng *Golden Rule* at *10 Commandments* bagkus ay sariling pagpapakahulugan na mismo ng tao (Kohlberg & Hersh 55; Palmes & Demeterio 109).

Nagamit na ang *Theory of Moral Development* ni Kohlberg sa iba't ibang larang na ang sinusuri ay ang aspektong moral at etikal. Nailapat na ito sa larang ng edukasyon partikular na sa edukasyong moral, sa pelikula, at maging sa negosyo.

Sa larang ng edukasyon, partikular sa edukasyong moral, madalas gamítin ang teorya ni Kohlberg sa mga pag-aaral. Sa pananaliksik ni Zhang noong 2019 na *Enlightenment of Kohlberg's Theory of Moral Development in the Context of Moral Education in Mainland China*, inilapat ang teorya ni Kohlberg sa sistema ng edukasyon sa Tsina. Ayon sa pag-aaral na ito, ang edukasyong moral ng *mainland* China ay mababa ang kahusayan. Gámit ang teorya ni Kohlberg bílang lente, tinukoy kung ano ang dahilan ng pagbabà ng bisa ng edukasyong moral mula nang nagkaroon ng reporma at mga bágong polisiya na nagtangkang pabutihin ang sitwasyon. Nakatulong ang ideang *group moral atmosphere* mula kay Kohlberg sa pagpapaunlad ng kamalayang moral at moral na kaugalian maging ang kaniyang *moral judgement competence* sa mga mag-aaral (2).

Sa larang naman ng pelikula, mula sa pag-aaral na *Kohlbergian Analysis of the Moral Reasoning in Lino Brocka's Leading Films* nina Palmes at Demeterio noong 2019, ginamit ang teorya ni Kohlberg sa pagsusuri ng anim na pelikula ni Lino Brocka. Napatunayan na nailapat ni Brocka sa kaniyang mga pelikula ang kaniyang sariling moral na pananaw kayâ naman ang kaniyang mga obra maestra ay hindi lámang maaaring magamit bílang materyal pampelikula kundi maari ding maging lunsaran ng diskursong politikal at moral at gawing kasangkapan sa pag-aaral ng etika at moralidad na kaugnay ng panlipunang kondisyon ng Pilipinas (Palmes & Demeterio 1).

Sa pag-aaral na *Moral Development in Business Ethics: An Examination and Critique* ni DeTienne, et al. noong 2019, binigyang ng rebyu ang mga modernong teorya ng pagbuo ng desisyong etikal at pag-unawa sa direksyon ng *behavioral business ethics* sa kasalukuyan. Isa na sa mga teoryang ito ay ang *moral development theory* ni Kohlberg. Isang karaniwang isyu sa mga kompanya sa negosyo ay ang mga kaso ng *unethical behavior*. Sa kabila ng pag-alam sa kung ano ang tama, ang mali pa rin ang ginagawa (DeTienne 1). Ang kamaliang ito ay tumutukoy sa *moral judgment – moral action gap* na siyáng hinahanapan ng pag-aaral na ito ng pag-unawa sa pamamagitan ng mga teorya. Bagama't kulang ang pagpapaliwanag ni Kohlberg sa *judgment-action gap*, nakapagbigay ang pag-aaral ng iba pang teorya na nag-ugat at inimpluwensyahan ng teorya ni Kohlberg na siyáng nakatulong sa pag-unawa ng *judgment-action gap* sa *business ethics*. Sa kabila ng limitasyong ito ng teorya ni Kohlberg, marami pa ring mga pag-aaral ang gumamit dito na may kaugnayan sa mga aspektong moral at etikal. Dahil dito, ang teorya ring ito ang ginamit sa pagsusuring moral ng iláng tagpo sa mga nobela ni Rizal na *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*.

**3. Ang mga Suliraning Moral at Paglutas ng mga Ito sa mga Nobela ni Rizal**

Mula sa aklat na *Knowledge, Fiction and Imagination* ni Novitz, na nabanggit din sa pag-aaral nina Demeterio at Palmes, madalas na ginagalugad, tinutukso, at sinusubok ng piksiyon ang ating moralidad at pagtingin sa isang bagay na kung minsan, humahantong na ito sa pagkakagulo ng ating saloobin, na nakalilito sa ating paniniwala at nagbubukás ng "bago o iba't ibang pagpapahalagang moral" (139). Alinsunod sa idea ni Novitz, maraming problemang moral at resolusyon ang nakapaloob sa dalawang obra maestra ni Rizal. Ang mga problemang ito ay nariyan para sa iba't ibang kadahilanan: upang galugarin ang moralidad ng mga Pilipino, upang tuksuhin at subukin ang mga pamantayang moral ng mga Pilipino, upang suwayin at labagin ang mga moral na sensasyong Pilipino, at upang magpanukala ng isang bágong kabuoang moralidad.

Sa pagsusuring ginawa sa papel na ito, hindi lahat ng pangyayari na may suliraning moral at paglutas nito mula sa dalawang obra maestra ay gagamitin sa pag-aanalisa gámit ang *Eskala ni Kohlberg*. Sa halip, ang pagnanaliksik na ito ay pipili lámang ng mga tagpo na kakikitaan ng pangangatwirang moral na tinutukso at sinusubok ang pamantayang moral ng Pilipino, o nagmumungkahi ng isang bágong kabuoang moralidad. Ang mga tagpong ito ay makikita sa talahanayan 1, kasáma ang mga tauhan o moral na ahente at nobelang kinabibílangan.

Talahanayan 1: Ang mga Suliraning Moral at Paglutas ng mga Ito
sa mga Pilíng Tagpo sa mga Nobela ni Rizal na Sinuri sa Papel na Ito

| Tagpo | Mga Tauhan | Nobela |
|---|---|---|
| Pagtatapon ng dalawang sepulturero sa bangkay ni Don Ibarra sa lawa | Dalawang sepulturero | |
| Ang tangkang pagpatay ni Ibarra kay Padre Damaso | Crisostomo Ibarra | Noli Me Tangere |
| Paghihiganti ni Elias | Elias | |
| Pagbibintang ng pagnanakaw kay Crispin | Basilio | |
| Pagpayag ni Kapitán Tiago na magpakasal si Maria Clara kay Linares | Kapitán Tiago | |
| **Tagpo** | **Mga Tauhan** | **Nobela** |
| Pagpatay ni Kabesang Tales sa prayleng tagapamahala, sa bágong nagsasáka sa lupa at sa asawa nito | Kabesang Tales | |
| Pagtalon ng dalaga sa bintana ng kumbento | Juli | El |
| Ang tangkang pagpapasabog ng bomba sa kasal | Simoun | Filibusterismo |
| Pagkuha ni Tales sa rebolber ni Simoun | Kabesang Tales | |
| Pagdampot ng anino sa lampara sa bahay ni Kapitán Tiago | Isagani | |

Ang pagtingin sa mga suliraning moral at paglutas ng mga ito ay nagpalutang ng tatlong tema na gagamítin sa pagsusuri ng mga tagpong ito: (1) pagpatay/pagpapakamatay at karahasan, (2) pagnanakaw, at (3) pagsuway at hindi pagkakaisa.

### a. Pagpatay/Pagpapakamatay at Karahasan

Nakapailalim sa temang pagpatay/pagpapakamatay at karahasan ang pilíng mga pangyayari na (1) Tangkang Pagpatay ni Ibarra kay Padre Damaso, (2) Paghihiganti ni Elias, (3) Pagpatay ni Kabesang Tales sa Prayleng Tagapamahala, sa Bágong Nagsasáka sa Lupa at sa Asawa Nito, (4) Pagtalon ng Dalaga sa Bintana ng Kumbento, at (5) Tangkang Pagpapasabog ng Bomba sa Kasal.

#### a.1. Ang Tangkang Pagpatay ni Ibarra Kay Padre Damaso

Kababalik pa lámang ni Crisostomo Ibarra gáling Europa kung saan siya nag-aral nang pitong taon. Kasabay ng pagbalik niya, nalaman niya ang tunay na nangyari sa kaniyang amang si Don Rafael Ibarra. Gayong alam na ni Crisostomo ang totoong nangyari sa kaniyang ama, hindi niya ito pinansin dahil nakatuon siya sa pagpapatayô ng paaralan sa bayan ng San Diego. Ngunit walang plano si Padre Damaso na tigilan si Ibarra. Laging hinahamak at kinukutya ng prayle ang pinag-aralan ng binata. Mula sa simbahan at sermon ni Padre Damaso hanggang sa pananghalian ay hindi

tinantanan si Ibarra ng mga pasaring at masasakít na salita ng Pransiskano. Ngunit noong ang ama na niya ang hinamak at nilapastangan, hindi na nakapagpigil si Ibarra. Sinunggaban niya si Padre Damaso, tinutukan ito ng kutsilyo sa leeg at nagpahiwatig na papatayin ito. Samakatuwid, sa pananaw ni Ibarra, ang kaniyang desisyon ay patas na bunga hindi lámang ng ipinagkait na karapatang pantao at hustisya sa kaniyang ama, kundi pati na rin ng pagwawalambahala sa pag-abuso sa kapangyarihan ng mga prayle at opisyal ng pamahalaan. Sa rabaw, si Ibarra ay nasa Antas 2 ng Eskala ni Kohlberg dahil para sa kaniya, tama at magbebenepisyo siya sa ginawa niyang desisyon sa mga sandaling iyon. Ngunit dahil sa pagpatay kay Don Rafael na nagdulot kay Ibarra na magkaroon ng sariling desisyon batay sa katungkulang moral, naitaas si Ibarra sa Antas 6 ng Eskala ni Kohlberg. Hindi na maaasahan ni Ibarra ang estado upang magbigay ng katarungan at proteksiyon sa lipunang Pilipino. Sa konteksto ng hindi maayos na estado, ang pagsanib ni Ibarra sa grupo ni Elias ang natirang pamimilian niya. Dahil itinulak si Ibarra na igiit ang sariling kapasyahan – isang prinsipyong etikal na tumutuntong sa katarungan, karapatang pantao, at pagrespeto sa dignidad ng tao – inaanyayahan ni Rizal ang mga mambabása na pumaloob sa Antas 6 ng Eskala ni Kohlberg. May kinalaman ang Antas 6 sa sariling konsensiya ng tao (Ibarra) at sa pinili nitong tama batay sa kontekstong kaniyang kinapapalooban. Ito ay hindi na ang mga itinakda ng iba na etikal na basehan bagkus ay sariling pagpapakahulugan na mismo ng tao. Bagama't ang tagpo ay nagsasabi lámang ng kuwento ng isang tauhan na gumagana sa Antas 2, ipinakita ni Rizal ang isang moral na pangangatwiran na nasa Antas 6.

**a.2. Paghihiganti ni Elias**

Biglang gumulo ang búhay ni Elias nang nalaman niya kung ano ang tunay na nangyari sa mga ninuno niya. Alam ni Elias na hindi mabibigyan ng hustisya ang sinapit ng kaniyang mga kaanak dahil mga Español ang mga maysala at káya nilang manipulahin ang batas kayâ inilagay na lang ni Elias ang batas sa sarili niyang mga kamay. May mga pagkakataong sinuntok ni Elias si Padre Damaso at binugbog naman ang Alperes. Sumanib siya sa kilusán nina Kapitán Pablo at inatasan siyáng hikayatin na umanib sa kilusan si Crisostomo Ibarra dahil kailangan ng mga rebelde ang pera at kayamanan sa gagawin nilang pag-aaklas. Mula sa perspektiba ni Elias, ang pagpatay sa mga Español ay patas na kabayaran sa pagkamatay ng kaniyang mga ninuno. Samakatuwid, nasa Antas 2 lámang siya sa Eskala ni Kohlberg dahil para sa kaniya, maiibsan ng karahasan ang gálit at poot na nadarama niya sa mga Español dahil sa ginawa ng mga ito sa kaniyang mga ninuno. Sa madaling salita, makikita na magbebenepisyo rin siya sa kaniyang ginawang aksiyon. Ngunit hindi interesado si Rizal na palabasin na nasa mababang yugto lámang ang moral na pagsusuri. Hindi niya nakikita na patas na

kabayaran ang pagpatay sa mga Español dahil pinagbayaran ni Elias ang mga ginawa nito sa dulo ng nobela. Namatay siya habang tinutugis sila ng mga guwardiya sibil sa ilog at inutusan si Basilio na sunugin na lámang ang bangkay niya. Banayad na ipinakita ni Rizal na nabigo si Elias na makita ang potensiyal sa lipunan na magkaroon ng pagkakaisa na magiging pangmatagalang sagot sa maraming kawalang-katarungan sa lipunan dulot ng hindi pantay na pagbibigay ng kapangyarihan at pang-aabuso sa mga Pilipino. Upang magkaroon ng pagkakaisa sa lipunan, hinihiling kay Elias at sa iba pang miyembro ng mababababang antas na makita ang ugnayan at kahalagahan ng mga panuntunan sa lipunan, pamantayan, at mga batas upang magkaroon ng patutunguhan ang aktibismo. Sa pagpapakita nito, hindi tuwirang itinutulak ni Rizal ang mga manonood sa Antas 5 ng eskala ni Kohlberg dahil malinaw na makikita na may pagtatangka si Elias na isípin kung ano ang moral na pangangatwiran, labas sa impluwensiya ng mga táong nagtutulak sa kung ano ang tama o mali sa ganoong mga pagkakataon.

**a.3. Pagpatay ni Kabesang Tales sa Prayleng Tagapamahala, sa Bágong Nagsasáka sa Lupa at sa Asawa Nito**

Habang naglalakad patúngong sakáhan ay nakita ni Tales ang administrador ng mga prayle at ang bágong nagsasáka sa kaniyang lupa. Hindi mawala sa isip ni Tales ang gálit sa mga ito, lalo na nang makita niyang tumatawa ang prayle habang nakatingin sa kaniya. Ang sumunod na pangyayari ay ang pagkakita ni Simoun na wala na sa lalagyan nito ang kaniyang rebolber sa halip ay isang sulat mula kay Tales na nagsasaad ng paumanhin sa pagkuha nang walang paalam sa kaniyang rebolber, at laket ni Maria Clara ang nasa lalagyan. Kinabukasan, nabalitaan sa buong nayon ang pagkamatay ng tatlong tao – ang prayleng tagapamahala, ang bágong nagsasáka sa lupa, at ang kaniyang asawa. Baság ang bungo ng mga ito, tagpas ang leeg, at punô ng lupa ang mga bibig. Isang patunay na si Tales ang pumatay ay ang kapirasong papel na may sulat ng pangalan niya na iginuhit ng dugo sa pamamagitan ng daliri na nakita sa gilid ng mga bangkay. Sa pangyayaring ito, si Kabesang Tales ang karakter na susuriin batay sa ginawang aksiyong moral. Kung ikakategorya ang pangyayaring ginawa niya gámit ang eskala ni Kohlberg, ito ay papások sa Antas 2. Ginawa ni Tales ang karumal-dumal na pagpatay sa tatlong tao dahil sa matinding emosyong naramdaman niya nang pagtawanan siya ng mga ito. Para kay Tales, patas na kabayaran lámang ang pagpatay niya sa tatlong tao dahil sa kaniyang mga kasawian na kung tutuusin, hindi ang tatlong táong ito ang nagdulot sa kaniya ng matinding pasakit, kundi ang mga prayleng nagnasang makuha ang kaniyang lupain. Madalas, nakagagawa ng isang agarang desisyon ang tao sa isang partikular na sitwasyon batay sa bugso ng kaniyang damdámin. Sa kalagayan ni Tales, isang negatibong emosyon ang kumawala sa

kaniya sa mga sandaling iyon na nagtulak sa kaniya upang gawin ang brutal na pagpatay sa tatlong nasabing tao. Ang ginawa niyang aksiyon ay maituturing na personal o pansariling interes sapagkat ginawa ito upang maibigay ang kaluguran sa sarili dulot ng matinding gálit. Gayunpaman, hindi lámang ganito kababaw na moral ang nais ipakita ni Rizal sa karakter ni Tales sa mga mambabása. Nais niyang ipakitang sa ganitong sitwasyon at tagpo nagsimula ang pagpapaalab ng damdámin ni Tales na maghiganti laban sa mga itinuturing niyang kalaban. Gaya ng naranasan ni Ibarra sa Noli Me Tangere, ipinaranas ni Rizal ang masalimuot na sitwasyon kay Tales upang makapag-isip ito nang mabuti kung paano makapaghihiganti nang matagumpay. Dahil sa kawalan ng katarungan bunsod ng kapangyarihan ng mga prayle, ang paghihiganti ni Tales ang natatanging paraan upang labánan ang di-pantay na pagtrato sa pagitan ng mga Español at mga Pilipino, na hindi niya nakamit noong dinala niya sa hukom ang kaso tungkol sa lupa. Katulad ng nangyari kay Ibarra, hindi na maaasahan ni Tales ang estado upang magbigay ng katarungan at proteksiyon sa lipunang Pilipino. Hindi nanaig ang batas na inaasahang lulutas sa kaniyang suliranin nang patas kayâ't tinalikuran na niya ito nang tulúyan kasáma ang pagbalikwas sa matuwid na prinsipyong laging ipinangangaral ng kaniyang amang si Tata Selo. Noong una, ang tanging layunin lámang ng paghihiganti niya ay para sa sarili at sa kaniyang pamilya, subalit nang makilala niya si Simoun, tila ba ang paghihiganting pampersonal ay napalitan ng paghihiganti para sa mga mamamayang Pilipino na inapi at inalipusta ng mga Español at mga nasa kapangyarihan. Sa ganitong usapin, iniakyat ni Rizal sa Antas 6 ang katungkulang moral ni Tales.

### a.4. Pagtalon ng Dalaga sa Bintana ng Kumbento

Hindi direktang ibinunyag ni Rizal ang dalagang nagpakamatay sa Kabanata 30 ng El Filibusterismo ngunit kung susuriin ang mga pahiwatig, gayundin ang mismong pamagat, ay lumalabas na si Juli ang tinutukoy nito. Hatî ang desisyon ni Juli tungkol sa paghingi ng tulong kay Padre Camorra dahil kilalá ito sa pagiging "malikot" sa mga babae. Subalit dahil kailangan na niyang kumilos para sa kaniyang kasintahan, bagama't hindi niya gusto, ipinagtulakan na siya ng kaniyang tiyahin papunta sa loob ng kumbento. Kinagabihan, nabalitaan na lámang ang tungkol sa babaeng nagpakamatay dahil tumalon sa bintana ng kumbento, kasunod ng paglabas ng isang matandang babaeng sumisigaw na parang baliw. Hindi idinetalye ni Rizal ang tungkol sa pangyayari sa loob ng kumbento bagkus ay hinayaan niya ang mga mambabásang humatol at bumuo ng istorya sa likod ng pag-uusap nina Juli at Padre Camorra at kung bakit humantong sa pagpapakamatay ang dalaga. Ang ahenteng moral na bibigyang-pagsusuri rito ay si Juli, na siyáng nagsagawa ng pagpatay sa sarili. Batay sa ikinilos ng

tauhan sa kabanata ay maikakategorya ito sa Antas 2 ng eskala ni Kohlberg sapagkat nakatuon sa sariling interes o kagustuhan ang ginawa ng dalaga. Isa sa mga simpleng pagpapaliwanag sa Antas 2 ng eskala ni Kohlberg ay ang pagsasagawa ng katagang "kung ano ang gusto mo, gawin mo" nang walang iniisip at isinasaalang-alang na ibang tao. Ito ang ipinakita ni Juli sa eksena kung saan mas pinili niyang mamatay kaysa tulúyan siyáng pagsamantalahan ng prayle. Tumalon ang dalaga sa bintana upang makatakas sa sitwasyong kinasasangkutan niya, at upang iligtas ang kaniyang dignidad at puri (perspektiba ng mambabása na siya ay tinangkang gahasain ng pari) sa pamamagitan ng pagpapakamatay, kayâ ginawa niya ang pagtalon sa bintana ng kumbento kahit na ang búhay niya ang maging kapalit. Mabilis na naganap ang pangyayari kayâ sa ganitong sitwasyon, madalas na ang pinagagana sa pagdedesisyon ng isang tao ay ang kaniyang emosyon o damdáming nangingibabaw sa partikular na sitwasyon. Ang ganitong perspektiba ay taliwas sa nakitang pananaw ni Rizal sa pangyayaring ito. Lahat ng paraan ay ginawa ng dalaga upang mailigtas ang kasintahan sa pagkakapiit nito, ngunit maging ang inaasahang batas mula sa lipunang kinabibílangan ay hindi pumanig sa kalooban niya. Mariing ipinakita ito sa pangyayaring hindi sila natulungan ng mga manananggol dahil ang makakalaban sa kasong ito ay mga prayle, at maging ang mga manananggol ay walang laban sa mga ito. Ito ang nagtulak kay Juli na tanggapin ang masaklap na kapalarang siya mismo ang gagawa ng kilos kahit pa ikapahamak niya ito sa hulí. Sa dulo, higit na pinili ng dalaga ang pagkitil sa sarili upang ang prinsipyo ng etikal na katarungan, karapatang pantao, at respeto sa dignidad ay kaniyang makamit sa kabila ng pagtatangkang paggahasa sa kaniya ng itinuturing na alagad ng simbahan. Ipinakita sa ginawang aksiyon ni Juli na hindi lámang sarili niya ang nailigtas niya sa pangyayaring iyon kundi maging ang kababaihang biktima rin ng pagnanasa at pananamantala ng mga prayle. Gayundin, sa pamamagitan ng pangyayaring ito, nabuksan ang isipan ng mga mamamayan na dapat ang hustisya ay nakakamit ng lahat at hindi ng mga pilíng tao lámang. Sa ganitong konteksto, inangat ni Rizal ang katungkulang moral ni Juli sa Antas 6 ng eskala ni Kohlberg.

### a.5. Ang Tangkang Pagpapasabog ng Bomba sa Kasal

Dumating si Simoun bitbit ang lampara sa bahay nina Kapitán Tiago. Ito raw ang regalo niya para sa bágong kasal. Ipinuwesto niya ito sa gitna ng mahabang mesa kung saan uupo ang mga makapangyarihang tao. Ang lamparang ito ang nagsilbing panlabas na anyo ng inihandang bomba na káyang pasabugin ang buong bahay at kumitil sa búhay ng mga taong nasa pook-ganapan. Balewala kay Simoun kung sino-sino ang madadamay sa pagsabog kahit pa inosente ang mga ito at walang ginawang masama sa kaniya. Ang katwiran niya, bukod sa mga makapangyarihan at mga

importanteng tao, ang mga pumunta at nakihalubilo sa nasabing okasyon ay mga gahaman sa pera at hinihiling na maambunan ng biyaya galíng sa mayayaman. Ang iba nama'y nais mapalapít sa mga táong nasa katungkulan kayâ minarapat ni Simoun na ang lahat ay mamatay sa gagawing pagsabog. Tagumpay na sana ang plano subalit may isang anino ang biglang dumating at kumuha ng lampara sa mesa at agad na inihagis sa ilog. Mula sa pangyayaring iyon, ang karakter ni Simoun ay maikakategorya sa Antas 2 ng Eskala ni Kohlberg. Ang pagpaplanong pagpapasabog at pagkitil sa búhay ng maraming tao ay kakikitaan ng pansariling kagustuhan. Maging sa umpisa pa lámang ng nobelang El Filibusterismo ay pinahayag na muling nagbalik si Crisostomo Ibarra sa anyo ni Simoun upang maghiganti sa mga táong nakagawa sa kaniya ng kasalanan. Bukod doon, kasáma rin sa layunin ng isinagawang rebolusyon ang kunin si Maria Clara sa Beateryo ng Sta. Clara. Ang lahat ng nabanggit ay pawang kapakinabangan ni Simoun. Ngunit kay Rizal, ang ginawang aksiyon ni Simoun ay kabílang sa Antas 6 ng eskala ni Kohlberg. Kung babalikán ang Noli Me Tangere, ang pagkamatay ng kaniyang ama sa piitan at pagpapatapon ng bangkay nito sa libingan ng mga Intsik, ang pag-akusa sa kasalanang hindi naman niya ginawa, at ang pagtutol at pagpapatigil sa kanilang napipintong kasalan ang ilan sa mga dahilan ng pagbabalík ni Ibarra. Inhustisya ang napala ni Ibarra sa mga pangyayaring nabanggit sapagkat lubhang makapangyarihan ang kaniyang kalaban. Kahit pa mayaman at may pinag-aralan si Ibarra, hindi ito naging daan upang maging patas ang laban. Nangibabaw pa rin ang mga táong makapangyarihan at hindi nabigyan ng malinaw na paghuhusga ang mga pangyayari sapagkat naging bulag ang katarungan at kumiling lámang sa pamantayan at batas ng lipunan para sa mga pilíng tao. Naging mahina ang karakter ni Ibarra sa Noli Me Tangere kayâ binigyan ito ng bágong bihis ni Rizal sa El Filibusterismo sa katauhan ni Simoun – na halos kabaligtaran ng mga katangiang binuo niya kay Ibarra. Sa ganitong lagay, magagámit ni Simoun ang mga katangiang mayroon siya upang maisagawa ang paghihiganti nang naayon sa kaniyang plano. Mula sa simula ng El Fili hanggang sa katapusan ay ipinakita ni Simoun kung paano niya pinlano nang mahusay ang kaniyang balak (maliban na lámang noong hindi natuloy ang unang rebolusyon na dapat sana ay isasagawa subalit naunsiyami dahil nalaman niyang namatay na palá si Maria Clara). Ang pagpapasabog ng bomba sa kasal ang pinakahihintay na pangyayari ni Simoun – ang bunga ng mahabang panahong pagpaplano ng kaniyang paghihiganti. Personal o pansariling kagustuhan ang nanaig sa unang pag-aanalisa ng eksenang ito kayâ't humantong sa Antas 2 ng eskala ni Kohlberg ang katungkulang moral ni Simoun subalit sa masiyasat na pag-aanalisa at pananaw ni Rizal, ang paghihiganting ito ni Simoun ay hindi na lámang pumapatungkol sa kaniya at sa kaniyang ama kundi maging sa sariling kapasyahan at mga napiling prinsipyong etikal na nakabatay sa katarungan, karapatang pantao, at pagrespeto sa dignidad ng mga tao. Mula sa mga ito, maikakategorya ni Rizal ang katauhan ni Simoun sa Antas 6 ng eskala ni Kohlberg.

### b. Pagnanakaw

Nakapailalim sa temang pagnanakaw ang pilíng mga pangyayari na (1) Pagbibintang ng Pagnanakaw kay Crispin, (2) Pagkuha ni Tales ng Rebolber ni Simoun, at (3) Pagdampot ng Anino sa Lampara sa Bahay ni Kapitán Tiago.

#### b.1. Pagbibintang ng Pagnanakaw kay Crispin

Ang kahirapan ang nag-udyok sa magkapatid na Crispin at Basilio na magtrabaho sa mura nilang edad. Walang trabaho ang kanilang ina; sugarol at pabaya naman ang kanilang ama. Nagtrabaho sila sa pamamalakad ng Sakristan Mayor ngunit sa hindi malámang dahilan ay pinagbintangan si Crispin na nagnakaw ng dalawang onsa. Dahil hindi maibalik ni Crispin ang sinasabing ninakaw na halaga, kinaladkad siya ng Sakristan Mayor at tanging sigaw at pagmamakaawa na lámang ang narinig ni Basilio na dali-daling tumakas. Habang patakas, dalawang putok ng baril ang bumasag sa katahimikan ng gabí. Sa unang tingin, makikita na si Basilio ay nasa Antas 3 ng Eskala ni Kohlberg. Makikita na kahit nasa murang edad pa lámang si Basilio, nagawa na niyang magtrabaho para sa kaniyang pamilya. May naging plano rin siya na magpatulong at mamasukan na lámang kay Ibarra. Ipinakikita lámang ni Basilio na naaayon ang kaniyang aksiyon sa nakasanayan o katanggap-tanggap tulad ng kaniyang pagnanais na mabuhay ang kaniyang pamilya at makibagay sa kaniyang lipunan. Ngunit para kay Rizal may mas mataas pang katungkulang moral ang mga pangyayari. Makikita sa dulo ng nobela na si Basilio ang naging pag-asa ni Elias sa kaniyang mga nasimulan. Sa kaniya ibinigay ang pera at kayamanan na gagamítin sa pag-aaral. Hanggang sa umangat sa búhay at nakapag-aral na nga si Basilio. Ang katungkulang moral ni Basilio ay umakyat sa Antas 6 ng Eskala ni Kohlberg. Kagaya kay Ibarra, nakapaloob si Basilio sa hindi maayos na estado at ang pag-aaral na lámang ang kaniyang sinasandigan para umunlad ang lipunang kaniyang ginagalawan. Dahil itinulak si Basilio na igiit ang sariling kapasyahan – ang napiling mga prinsipyong etikal na nakabatay sa katarungan, karapatang pantao, at pagrespeto sa dignidad ng tao – inaanyayahan ni Rizal ang mga mambabása, katulad ng kay Ibarra, na umakyat sa Antas 6 ng Eskala ni Kohlberg.

#### b.2. Pagkuha ni Tales ng Rebolber ni Simoun

Gabí na subalit hindi pa rin dumarating si Kabesang Tales sa kanilang bahay. Tila naghintay sa wala ang alaherong si Simoun. Kinaumagahan, nakita ni Simoun sa kaniyang lalagyan na wala na ang kaniyang rebolber. Nang tingnang muli, nakita niya ang isang sulat mula kay Tales na nagsasabing siya ang kumuha nito at humihingi siya

ng paumanhin sa pagkuha nito nang walang paalam. Bukod sa sulat, nakita rin ni Simoun ang laket ni Maria Clara na pagmamay-ari na ni Juli. Ang karakter ni Tales ang ginamit na ahenteng moral sa pangyayaring ito. Ang ginawang pagnanakaw ni Tales sa rebolber ni Simoun ay dulot ng pagnanais ng una na patayin ang mga táong may kinalaman sa pagkuha ng kaniyang lupa. Maituturing na pagnanakaw ang aksiyon ni Tales sapagkat kumuha siya ng bagay na hindi niya pagmamay-ari nang walang paalam. Subalit ipinakita niyang may umiiral pa ring mga panuntunan at batas sa lipunang ginagalawan niya na magbibigay-pasya sa kaniyang ginawang aksiyon. Minarapat niyang idepensa ang sarili mula sa may-ari sa pamamagitan ng sulat na nagsasaad ng kapaliwanagan. Gayundin, kalakip ng sulat ay inilagay rin niya ang laket ni Maria Clara na nagpapahiwatig ng danyos sa nangyaring perwisyo sa may-ari. Ang ganitong konteksto ay maibibílang sa Antas 4 ng Eskala ni Kohlberg dahil naroroon ang konsensiya at pag-iisip ni Tales sa sasabihin o mararamdaman ni Simoun sa kaniyang naging aksiyon kayâ pinalitan ni Tales ng bagay na mahalaga sa kaniya/kanila ang rebolber na kinuha niya. Gayundin, hindi maláyong ipahúli o ipadampot si Tales ni Simoun sa mga guwardiya sibil dahil sa ginawa nitong pagnanakaw kayâ minarapat ng una na magpaliwanag sa pamamagitan ng sulat kung bakit niya ito nagawa. Ipinagpapalagay ni Rizal na si Kabesang Tales ay nararapat sa Antas 3 ng Eskala ni Kohlberg. Ang nasabing pagkilos ni Tales dala ng negatibong emosyon ay nagdulot ng kapighatian sa kaniyang pamilya at sa mga táong kaniyang nasasakupan. Unang naapektuhan ng isinagawang aksiyon ni Tales ang kaniyang amang si Tata Selo. Bagaman matanda na ay pinahúli si Tata Selo ng hukom kapalit ng kaniyang anak. Hindi madalî ang mamuhay sa loob ng piitan lalo na sa matatanda. Ikalawa at ang pinakanaapektuhan sa lahat ay si Juli. Pisikal, mental, at emosyonal na hírap ang naranasan ng anak na si Juli na naging tagapagsilbi ni Hermana Penchang. Dahil sa kahirapan, walang nagawa ang dalaga kundi magsakripisyo dahil sa sinapit ng kaniyang ama. Gayundin, hindi naisaalang-alang ng kaniyang ama kung ano ang mararamdaman ng anak nito noong ipampalit ni Tales sa rebolber ang pinakaingat-ingatang kuwintas ni Juli na bigay ng kaniyang kasintahan. Hindi naging parte ng solusyon si Tales sa kinabibílangan nitong bayan bagkus ay nagdulot pa ito ng malaking problema at kaguluhan sa kanilang lugar.

**b.3. Pagdampot ng Anino sa Lampara sa Bahay ni Kapitán Tiago**

Bago pa mangyari ang inaasahang pagsabog, nakita ni Basilio si Isagani na nakatayô malápit sa pook-ganapan. Dahil alam ni Basilio ang nalalapít na pagsabog, minabuti nitong sabihin ito sa kaibigan upang mailigtas ang sarili subalit hindi umalis sa kinatatayuan nito si Isagani sapagkat nais niyang hagkan ang dating kasintahan.

Malápit nang sumabog ang lampara na inilagay ni Simoun sa mesa ng makakapangyarihang tao. Halos nagkakagulo na ang mga bisita sa bahay nina Kapitán Tiago dahil sa misteryosong sulat na mula sa isang táong matagal nang patay. Nang unti-unti nang lumamlam ang liwanag sa lampara, inutusan ng Kapitán Heneral si Padre Irene upang itaas ang mitsa. Walang ano-ano'y biglang may aninong kumuha ng lampara at agad na itinapon ito sa ilog. Mga iláng saglit pa ay tumalon ang anino sa ilog at nawala. Ang ahenteng moral sa pangyayaring ito ay si Isagani, bagama't hindi ito direktang pinangalanan ni Rizal sa *Kabanata 38: Ang Piyesta*. Maituturing na pagnanakaw ang ginawa ng anino sa lampara sapagkat pagkuha pa rin ito ng bagay na hindi naman kaniya. Sa sitwasyon ni Isagani, matinding emosyon ang nangibabaw sa kaniya kayâ't nakagawa siya ng aksiyong hindi nagsasaalang-alang ng mga aspekto. Ginawa niya ang pagkuha ng lampara sa kasiyahan sapagkat malinaw sa kaniya na ang layunin ng pagkuha sa lampara ay hindi para nakawin ito kundi iligtas mula sa pagsabog ang kaniyang dating kasintahan. Ang pagkalulong ng binata sa pag-ibig kay Paulita Gomez ang nag-udyok sa kaniya upang pangibabawin ang sariling kagustuhan. Dahil hulí na nang malaman ni Isagani ang tungkol sa bomba, at anomang oras o minuto ay malapit na itong sumabog, hindi na siya nakapag-isip pa nang mas mabuti at angkop na paraan upang iligtas ang dalaga. Ang tanging solusyon na lámang na naisip niya ay alisin ang bomba sa mismong lugar ng kasiyahan. Desperado na si Isagani nang mga oras na iyon dahil tumatak sa isip niya na si Paulita Gomez ay mag-iiba na pagkatapos ng gabíng iyon. Sa sitwasyong ito, nakapailalim sa Antas 2 ng Eskala ni Kohlberg ang katauhang moral ni Isagani. Subalit ninanais tingnan ni Rizal nang mas malalim ang katauhan ni Isagani hindi sa puntong pagiging makasarili nito, kundi sa pagiging bayani mula sa pagkakaligtas nito sa maraming inosenteng tao. Maaari namang piliing umalis at magpakalayô-layô ni Isagani pagkatapos sabihin ni Basilio ang tungkol sa napipintong pagsabog ng pook-ganapan kung nais niyang iligtas ang sarili niya, subalit pinili nitong makipagsapalaran at iligtas ang maraming búhay na madadamay. Alam niyang may posibilidad na mamatay siya dahil sa pagsabog ngunit ginawa pa rin niya ang nararapat. Halos lahat ng mga bisita sa kasiyahan ay walang kaalam-alam patungkol sa bombang nakatagò sa anyo ng lampara, kaya't maituturing na inosente ang mga ito at hindi sila karapat-dapat bawian ng buhay dahil sa pagdamay sa kanila sa paghihiganti. Ang katungkulang moral ni Isagani mula sa Antas 2 ay umangat sa Antas 6 ng Eskala ni Kohlberg. Iginiit ni Isagani ang sariling kapasyahan, kagaya na lámang ng ginawa ni Ibarra, sa mga napíling prinsipyong etikal na nakabatay sa katarungan, karapatang pantao, at pagrespeto sa dignidad ng mga tao. Kayâ iniangat ni Rizal ang katauhan ni Isagani sa Antas 6 ng Eskala ni Kohlberg.

### c. Pagsuway at Hindi Pagkakaisa

Nakapailalim sa temang pagsuway at hindi pagkakaisa ang pilíng mga pangyayari na (1) Pagtatápon ng Dalawang Sepulturero sa Bangkay ni Don Ibarra sa Lawa, at (2) Pagpayag ni Kapitán Tiago na Magpakasal si Maria Clara kay Linares.

#### c.1. Pagtatapon ng Dalawang Sepulturero sa Bangkay ni Don Ibarra sa Lawa

Ang mga tauhan sa suliraning ito ay ang dalawang sepulturero na inutusan ng isang nagngangalang Padre Garote na hukayin ang kalilibing pa lámang na bangkay at ilipat ito sa libingan ng mga Intsik. Hindi na inisip ng dalawang sepulturero kung tama ba o mali ang kanilang gagawin dahil mas takót sila kung ano ang kahihinatnan nila kapag sila ay sumuway sa utos. Ipinakikita lámang nito na nasa Antas 1 lang sila ng Eskala ni Kohlberg. Pisikal na kahihinatnan ng aksiyon ng isang tao ang nagtatakda kung mabuti ba o masama ang kaniyang gagawing aksiyon at kung sila ba ay mapaparusahan dito. Ngunit kasabay ng pagpapakita nito ay may isa pang antas ng moral na pangangatwirang hinihingi si Rizal mula sa kaniyang mga mambabása. Ipinakita ni Rizal sa tulong ng dalawang sepulturero na ang mga patakaran sa lipunan, pamantayan, at batas na pansamantalang sinunod ng dalawang sepulturero ay ang parehong mga patakaran, pamantayan, at batas na kanilang sinuway. Kilála ng dalawang sepulturero ang bangkay na kanilang hinukay at alam nilang hindi ito ang karapat-dapat na sapitin nito dahil namuhay ito nang maayos at mabuti. Gayong alam nila na maaari silang parusahan, tinimbang ng mga sepulturero kung ano ang moral labas sa impluwensya ng táong nag-utos sa kanila na hukayin ang bangkay. Dahil dito, umakyat ang katungkulang moral ng dalawang sepulturero sa Antas 5 ng Eskala ni Kohlberg. Inaasahan ni Rizal na titimbangin ng mga mambabása ang kaugnay na mga patakaran, pamatanyan, at batas na itinakda ng mga Español at sa kabílang dako naman ay ang lihim na pagsuway ng dalawang sepulturero sa mga ito. Bagaman ang eksena ay nagsasabi na ang mga tauhan ay nasa Antas 1 ng Eskala ni Kohlberg lámang, ipinakita ni Rizal ang isang moral na pangangatwiran na nasa Antas 5.

#### c.2. Pagpayag ni Kapitán Tiago na Magpakasal si Maria Clara kay Linares

Dahil sa pagiging ekskomunikado ni Ibarra, pinagbantaan ni Padre Damaso si Kapitán Tiago na idadamay sa kaso. Kasabay nito ang bilin ni Padre Sibyla na huwag nang papapasukin si Ibarra sa bahay ng kapitán. Dahil sa kontekstong ito, kinailangang gumawa ng desisyon ni Kapitán Tiago na labag sa kaniyang kalooban, ang pagpayag na magpakasal ang kaniyang anak na si Maria Clara kay Linares. Kinailangan niyang

unahin ang kapakanan ng kaniyang pamilya, lalong-lalo na ang anak niya, palayô sa mga maaaring maging problema kung itutulóy ang napipintong pagpapakasal kay Ibarra. Kung gayon, sa kaniyang paningin, si Kapitán Tiago ay nasa Antas 4 ng Eskala ni Kohlberg dahil ang kaniyang aksiyon ay nakabatay sa kung ano ang idinidikta ng lipunan at sa kaniyang pagnanais na makibagay sa kaniyang pamilya o lipunan upang makita nilang sinusuportahan at sinusunod ang mga ito. Ang batas ang kaniyang isinaalang-alang sa kaniyang naging desisyon. Ngunit ipinepresenta ni Rizal na si Kapitán Tiago ay nasa Antas 3 ng Eskala ni Kohlberg. Nakikita lámang ni Kapitán Tiago ang maliit at makitid na kontekstong kaniyang ginagalawan. Kung susuriing mabuti ang naging desisyon niya, ang pagpayag niya sa mga utos ng mga prayle ay nagdulot ng kasawian, hindi lámang kina Maria Clara at Ibarra, kundi pati na rin sa lipunang kaniyang kinapapalooban. Masyado niyang binigyan ng halaga ang mga táong makapangyarihan sa lipunan noong mga panahong iyon na humadlang sa kaniya na makita ang mas malaking tungkuling kailangan niyang gampanan sa bansa. Hindi siya kinakitaan ng pakikiisa at pakikipagtulungan sa mga kapuwa niya Pilipino. Ang mga panuntunan sa lipunan, pamantayan, at batas na kinakailangan upang umunlad ang Pilipinas at mapalaya sa kamay ng mga Español ay hindi man lámang sumagi sa isip niya, bagkus ang pamilya at sarili niya lámang ang naging mahalaga para sa kaniya. Ipinakita ito ni Rizal sa dulo ng nobela kung saan naiwan na lámang mag-isa si Kapitán Tiago, mahírap at wala nang nakakakilala magmula nang pumasok si Maria Clara sa kumbento. Bagama't ang pangyayari ay nagkukuwento na ang tauhan ay nasa Antas 4 ng Eskala ni Kohlberg, ipinakita ni Rizal ang naratibo kung saan ang tauhan ay nasa Antas 3 lámang ng Eskala ni Kohlberg.

Talahanayan 2: Buod ng pagsusuri gámit ang Eskala ni Kohlberg

| Tema | Tagpo | Nobela | Positibo/ Negatibo | Mula sa Pananaw ng Tauhan | Kabuoang Pananaw ni Rizal | Kabuoang Pananaw sa Bawat Tema |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Pagpatay/ Pagpapakamatay at Karahasan** | Paghihiganti ni Elias | Noli Me Tangere | Positibo | 2 | 5 | 4.83 |
| | Ang Tangkang Pagpatay ni Ibarra kay Padre Damaso | Noli Me Tangere | Negatibo ngunit katanggap-tanggap | 2 | 6 | |
| | Pagpatay ni Kabesang Tales sa Prayleng Tagapamahala, sa Bágong Nagsasáka sa Lupa at Asawa Nito | El Filibusterismo | Negatibo ngunit katanggap-tanggap | 2 | 6 | |
| | Pagtalon ng Dalaga sa Bintana ng Kumbento | El Filibusterismo | Positibo | 2 | 6 | |
| | Ang Tangkang Pagpapasabog ng Bomba sa Kasal | El Filibusterismo | Negatibo | 2 | 6 | |
| **Pagnanakaw** | Pagbibintang ng Pagnanakaw kay Crispin | Noli Me Tangere | Positibo | 3 | 6 | 5.00 |
| | Pagkuha ni Tales ng Rebolber ni Simoun | El Filibusterismo | Negatibo ngunit katanggap-tanggap | 4 | 3 | |
| | Pagdampot ng Anino sa Lampara sa Bahay ni Kapitán Tiago | El Filibusterismo | Positibo | 2 | 6 | |
| **Pagsuway at Hindi Pagkakaisa** | Pagtapon ng Dalawang Sepulturero sa Bangkay ni Don Ibarra sa Lawa | Noli Me Tangere | Positibo | 1 | 5 | 4.00 |
| | Pagpayag ni Kapitán Tiago na Magpakasal si Maria Clara kay Linares | Noli Me Tangere | Negatibo | 4 | 3 | |

**KONGKLUSYON**

Ang talahanayan ay nagpapakita ng paglalagom sa ginawang pag-aanalisa sa mga pilíng tagpo ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo gámit ang Eskala ni Kohlberg. Mula sa pinagsanib na sampung tagpo sa dalawang nobela ay nakabuo ng tatlong tema: pagpatay/pagpapakamatay at karahasan, pagnanakaw, at pagsuway at hindi pagkakaisa.

Maraming kabatiran ang masusuri sa talahanayan. Una, hindi makakailang naging salamin ng lipunang ginagalawan ang mga panitikang nabuo sa partikular na panahon. Ang mga nabuong tema kaugnay ng mga nobela ay sumisimbolo sa mga isyung panlipunang nais palutangin ni Rizal. Bagama't ito ay mga suliranin sa loob ng konteksto, nais bigyang-pansin ni Rizal na ang ilan sa mga ito ay nagpapakita ng positibo at negatibong moral. Gaya halimbawa ng mga tagpong *Pagtalon ng Dalaga sa Bintana ng Simbahan at Paghihiganti ni Elias*, mabibílang ang mga ito sa mga pangyayaring nagpakita ng positibong moral na nagpapabatid sa mga mambabása ng moral na pangangatwiran ng mga tauhan kaugnay ng kanilang kilos. Samantala, ang mga tagpong *Pagkuha ni Tales ng Rebolber ni Simoun at Pagpayag ni Kapitán Tiago na Magpakasal si Maria Clara kay Linares* ay ilan sa mga pangyayaring nagpapakita ng negatibong moral. Hindi napangatwiranang ganap ang naratibong moral ng mga tauhan at komplikado ang sitwasyong kinaharap ng bawat isa. Maikokonsidera namang negatibo ngunit katanggap-tanggap ang mga tagpong kinasangkutan ng mga tauhang sina Ibarra at Kabesang Tales gaya ng Ang *Tangkang Pagpatay ni Ibarra kay Padre Damaso, Pagpatay ni Kabesang Tales sa Prayleng Tagapamahala, sa Bágong Nagsasáka sa Lupa at sa Asawa Nito, at Pagkuha ni Tales ng Rebolber ni Simoun*. Bagama't nagpakita ng mga paglabag sa katungkulang moral ang isinagawang aksiyon ng tauhan, naging katanggap-tanggap naman sa isang banda ang ibinigay na argumento tungkol sa moral na pangangatwiran.

Pangalawa, isa sa mga ginamit na estratehiya ni Rizal para palabasin ang kaniyang kabuoang moralidad sa mga tagpo ay ang pagsalungat sa mismong moral na ahente sa kaniyang nobela. Ang pamamaraang ito ay nagdulot upang magkaroon ng iba't ibang interpretasyon at pagkaunawa sa mga isinulat ni Rizal. Makikita ito, halimbawa sa *Paghihiganti ni Elias* sa mga Español, dahil sa nangyari sa kaniyang mga ninuno na ang karakter ni Elias ay nasa Antas 2 ng Eskala ni Kohlberg ngunit ang ipinakita ni Rizal sa ganitong konteksto, ay nasa Antas 5 ng parehong eskala ang kabuoang katungkulang moral ni Elias.

Pangatlo, ang mga isinulat ni Rizal ay may posibilidad na hamunin at subukin ang tradisyonal na kaugalian at panuntunan ng Pilipinas pati na rin ang pagkukunwari ng lipunang Pilipino. Gayundin, pinag-iisa ni Rizal ang diskursong moral at politikal. Sa partikular, nakikita ng mga mamamayan si Rizal na nagsusulong ng pagkakaisa bílang lunas para sa kawalang-katarungan sa lipunan dulot ng hindi pantay na pagbibigay ng kapangyarihan at pang-aabuso sa mga Pilipino. Ang ganitong adbokasiya ay makikita sa dalawang nobelang naisulat.

Panghulí, base sa kabuoang puntos ng sampung pilíng tagpo, ang pangangatwirang moral ni Rizal ay nasa Antas 4 ng Eskala ni Kohlberg. Dahil sa mataas na pangangatwirang moral na nakapaloob sa mga akda ni Rizal na masalimuot, komplikado, at malalim, hindi lámang dapat tingnan o gamítin ang mga ito bílang mga materyal sa pag-aaral ng Filipino, o sa pag-aaral ng kritisismo sa politika at lipunan, ngunit higit pa, bílang mga materyal para sa pag-aaral ng etika at moralidad, lalo na sa konteksto ng Pilipinas.

## TALASANGGUNIAN


Chua, Michael Charleston B. "Jose Rizal, Ang Historyador: Ang Papel Ng National Hero Sa Pagbubuo Ng Bansa." *Saliksik E-Journal*. Tomo 7, Bílang 1. 2018, ejournals.ph/article.php?id=13719.

David, Randy. "Noli Me Tangere". *Philippine Daily Inquirer*. 24, Apr, 2011. https://www.philstar.com/lifestyle/modern-living/2011/06/25/699206/noli-me-tangere. 2 Apr, 2020.

Demeterio, F.P.A. "Thomism and Filipino Philosophy in the Novels of Jose Rizal: Rethinking the Trajectory of Filipino Thomism." *Academia.edu*, 2005, www.academia.edu/7340247/Thomism_and_Filipino_Philosophy_in_the_Novels_of_Jose_Rizal_Rethinking_the_Trajectory_of_Filipino_Thomism.

Department of Education. *DepEd Order No. 41*. deped.gov.ph/2003/05/22/do-41-s-2003-values-education-in-the-basic-educatio-curriculum/. 2003.

DeTienne, Kristen et al. "Moral Development in Business Ethics: An Examination and Critique". *Journal of Business Ethics*. https://doi.org/10.1007/s10551-019-04351-0. 2019.

Gojo Cruz, Genaro R. "Panitikang Pambata: Sandata ng Pananakop, Sandata ng Pagpapalaya". *Malay*. Tomo XIX Blg.1. 2006.

Department of Education. *K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum*. 2016. https://www.deped.gov.ph/k-to-12/about/k-to-12-basic-education-curriculum. 29 Mar, 2020.

Kohlberg, Lawrence & Richard Hersh. "Moral Development: A Review of the Theory." *Theory into Practice*. Vol. 16, No. 2. 1977.

Novitz, David. *Knowledge, Fiction and Imagination*. Philadelphia: Temple UP. 1987

Nuncio, R.V. *"Mirroring and Reliving History through Rizal's Novels: An Intertextual Reading Using Casper's and Dilthey's Frame*". 2014.

Official Gazette. *Republic Act No. 1425*. 1956. https://www.officialgazette.gov.ph/1956/06/12/ republic-act-no-1425/. 30 Mar, 2020.

Palmes, Diana & F.P.A Demeterio. *Kohlbergian Analysis of the Moral Reasoning in Lino Brocka's Leading Films*. 2015.

Rizal, Jose. Noli Me Tangere. *Project Gutenberg*. Translated by Pascual Poblete. (Original work published 1887). 2006.

Rizal, Jose. El Filibusterismo. *Project Gutenberg*. Translated by Patricio Mariano. (Original work published 1891). 2014.

Tugano, Axle. "Kung Paano Itinuturo ang Noli at El Fili: Isang Paglilitis sa Umusbong na Kultura ng Pagtuturo at Pagkatuto sa mga Nobela ni Dr. Jose Rizal". *Academia*. www.up-diliman.academia.edu/tuganoresearches. 2019.

Uratini, Lyn. "Not everyone was asleep: Anti-colonial personifications of antiquity and progress in José Rizal's Touch Me Not and el Filibusterismo". *Boise State University*. 2013.

Zhang, Quian. "Enlightenment of Kohlberg's Theory of Moral Development in the Context of Moral Education in Mainland China". *Open Access Library Journal*. Volume 6. 2019.

## TUNGKOL SA MGA AWTOR

Si **CLARISSA MAE E. PARANAS** ay kasalukuyang guro sa Mataas na Paaralan ng Bacoor sa Lalawigan ng Cavite. Nagtapos siya ng Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino, *Cum Laude*, sa Pamantasang Normal ng Pilipinas – Maynila noong taóng 2016.

Si **NIÑA JESUSA G. REYES** y nagtapos ng Batsilyer ng Sining/ Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon, medyor sa Panitikan – daloy Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas noong 2016. Siya ay nagtuturo ng Filipino sa isang isang pribadong hay-iskul sa Cavite at naibahagi na ang nailathalang pag-aaral na ito sa 1st Virtual Local Studies Conference ng Center for Batangas Studies De La Salle Lipa.

Si **NIXON PAUL J. SUMAOANG** ay kasalukuyang guro sa OB Montessori-Sta. Ana Campus. Nagtapos siya sa Unibersidad ng Santo Tomas sa kursong Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino noong 2018. Nakapagbahagi na siya ng kaniyang mga pananaliksik sa mga pandaigdigang kumperensiya tulad ng "Ang Persepsyon ng mga guro sa Filipino sa Senior High School batay ng kanilang Kakayahan at Kahandaan sa Pamantayang itinakda ng CHED sa Metro Manila" sa *Ikalawang Internasyonal na Kumperensiya sa mga Araling Filipino at Asyano* noong Mayo 3-5 sa Lungsod Baybay, Leyte.

Sa kasalukuyan, ang mga manunulat ay kumukuha ng Master sa Sining sa Araling Filipino - Wika, Kultura, Midya sa Pamantasang De La Salle, Maynila.

**References**


Chua, Michael Charleston B. "Jose Rizal, Ang Historyador: Ang Papel Ng National Hero Sa Pagbubuo ng Bansa." *Saliksik E-Journal*. Tomo 7, Bílang 1. 2018, ejournals.ph/article.php?id=13719.

David, Randy. "Noli Me Tangere". Philippine Daily Inquirer. 24, Apr, 2011. https://www.philstar.com/lifestyle/modern-living/2011/06/25/699206/noli-me-tangere.2 Apr,2020.

Demeterio, F.P.A. "Thomism and Filipino Philosophy in the Novels of Jose Rizal: Rethinking the Trajectory of Filipino Thomism." Academia.edu, 2005, www.academia.edu/7340247/Thomism_and_Filipino_Philosophy_in_the_Novels_of_Jose_Rizal_Rethinking_the_Trajectory_of_Filipino_Thomism.

Department of Education. DepEd Order No. 41. deped.gov.ph/2003/05/22/do-41-s-2003-valueseducationin-the-basic-educatio-curriculum/. 2003.

De Tienne, Kristen et al. "Moral Development in Business Ethics: An Examination and Critique". Journal of Business Ethics. https://doi.org/10.1007/s10551-019-04351-0. 2019.

Gojo Cruz, Genaro R. "Panitikang Pambata: Sandata ng Pananakop, Sandata ng Pagpapalaya". Malay. Tomo XIX Blg.1. 2006.

Department of Education. K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum. 2016. https://www.deped.gov.ph/kto-12/about/k-to-12-basic-education-curriculum. 29 Mar, 2020.

Kohlberg, Lawrence & Richard Hersh. "Moral Development: A Review of the Theory." Theory into Practice. Vol. 16, No. 2. 1977.

Novitz, David. Knowledge, Fiction and Imagination. Philadelphia: Temple UP. 1987

Nuncio, R.V. "Mirroring and Reliving History through Rizal's Novels: An Intertextual Reading Using Casper's and Dilthey's Frame". 2014.

Official Gazette. Republic Act No. 1425. 1956. https://www.officialgazette.gov.ph/1956/06/12/republic-actno-1425/. 30 Mar, 2020.

Palmes, Diana & F.P.A Demeterio. Kohlbergian Analysis of the Moral Reasoning in Lino Brocka's Leading Films. 2015.

Rizal, Jose. Noli Me Tangere. Project Gutenberg. Translated by Pascual Poblete. (Original work published 1887). 2006.

Rizal, Jose. El Filibusterismo. Project Gutenberg. Translated by Patricio Mariano. (Original work published 1891). 2014.

Tugano, Axle Christien. "Ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ni Jose Rizal Bilang Mga Post-kolonyal na Babasahin: Isang Paglalarawan sa Umuusbong na Kultura ng Pagtuturo at Pagkatuto sa Mga Piling Paaralan sa Lungsod ng Marikina, Metro Manila". *Kawing Journal* 5, no. 1: 11-54. https://www.researchgate.net/publication/348937948_Ang_Noli_Me_Tangere_at_El_Filibusterismo_ni_Jose_Rizal_Bilang_Mga_Post-

kolonyal na Babasahin Isang Paglalarawan sa Umuusbong na Kultura ng Pagtuturo at Pagkatuto sa Mga Piling Paaralan sa Lungsod ng M . 2021.

Uratini, Lyn. "Not everyone was asleep: Anti-colonial personifications of antiquity and progress in José Rizal's Touch Me Not and el Filibusterismo". Boise State University. 2013.

Zhang, Quian. "Enlightenment of Kohlberg's Theory of Moral Development in the Context of Moral Education in Mainland China". Open Access Library Journal. Volume 6. 2019